DEPARTMENT OF EDUCATION
SDO-Iriga City RECORDS SECTION
RELEASED
06 FEB 2026
CTRL No.: 2026-02-070

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
REHIYON V (BIKOL)
TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA

20 Enero 2026

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 070 s. 2026

**IKATLONG TAONG GAWAD PARANGAL SA PINAKAMATAGUMAPAY NA TAGAPAGSAKATUPARAN NG PROGRAMANG IRIGA PLUS**

*(Intensive Remedial Instruction for Greater Achievement in Literacy and Numeracy)*

Para sa: Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Tagamasid
Mga Superbisor sa Programang Edukasyon
Mga Nanunuparang Tagamasid Pampurok
Mga Puno ng Paaralang Elementarya at Sekundarya

1. Upang bigyang pagkilala ang mga paaralan sa Elementarya na maigting na nagsasakatuparan ng **Programang IRIGA Plus** sa loob ng taong panuruan 2025-2026, ang Sangay ng Pagsasakatuparan ng Kurikulum ay magsasagawa ng **Ikatlong Taong Gawad Parangal sa Pinakamatagumpay na Tagapagsakatuparan ng Programang IRIGA Plus** sa 24 Abril 2026 sa lugar na ipapaalam na lamang.

2. Dahil dito, isang **balidasyon ng lahat ng mag-aaral sa Baitang 3** sa buong dibisyon ang isasagawa sa **Pebrero 18-20, 23-24, 2026.** Layunin nito na matiyak ang resulta ng pagsasagawa ng iba't ibang interbensyon na nakatuon sa Programang IRIGA PLUS lalo't higit ang mga karapat-dapat na bigyan ng pagkilala sa mga paaralang nagtataglay ng kakayahang bumasa at bumilang.

3. Ang pamantayan sa pagpili at pagmarka ng mga paaralang kalahok ay nakabatay sa sumusunod na kategorya:
   a) Paaralang Lahat Bumabasa (Zero-Non Reader)
   b) Paaralang Lahat Bumibilang (Zero Non-numerate)
   c) Pinakamahusay na Tagapagsakatuparan ng IRIGA Plus Program

4. Kalakip nito ang patnubay sa patimpalak at komite ng iba't ibang gawain.

5. Lahat ng gastusin ng patimpalak at iba pang gawaing kaugnay nito ay manggagaling sa pondong SEF na sasailalim sa kinagawiang pagsusuma at pagsusuri.

6. Para sa inyong impormasyon, patnubay at kaukulang aksiyon.

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO, CESO VI**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

*Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. 070 s. 2026*

## KOMITENG TAGAPAPAGPAGANAP

**MARIA-MAGNOLIA F. BRIOSO**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

**MAYLANI L.GALICIA**
Kawaksing Tagapamanihala

**JERSON V. TORALDE**
Punong Superbisor- Sangay sa Pagsasakatuparan ng Kurikulum

## LUPONG TAGAPAGTAGUYOD

RECHIE O. SALCEDO
CLAUDIA MARILOU S. MARPURI
ALFIE T. GASCON
RICKY B. SERGIO

## LUPONG TAGAPANGASIWA NG GAWAIN
(Program Management Team)

| Lupon | Tagapangulo | Ka-tagapangulo |
|---|---|---|
| Balidasyon | RECHIE O. SALCEDO<br>CLAUDIA MARILOU S. MARPURI<br>ALFIE T. GASCON<br>RICKY B. SERGIO<br><br>**Reading Tools and Scoresheets**<br>CLAUDIA MARILOU S. MARPURI<br>RECHIE O. SALCEDO<br>ALFIE T. GASCON | CYNTHIA T. MONTAÑEZ<br>BELEN B. PILI<br>FLORENIA C. TORALDE<br>HELEN Z. CORNELIO<br>RANDY A. BONA<br>SAHLEE B. CERILLO<br>LEOPOLDO R. DATO JR<br>REY A. TABARANGAO<br>NOEL L. DESQUITADO<br>ANTHONY C. VISTA |
| Portfolio | RICKY B. SERGIO | BELEN B. PILI<br>FLORENIA C. TORALDE<br>HELEN Z. CORNELIO |
| Paanyaya at Palatuntunan | FLORENIA C. TORALDE | CYNTHIA T. MONTAÑEZ<br>SAHLEE B. CERILLO |
| Talaan ng Kalahok, Pagdalo, at Ebalwasyon | TEODORO R. NACARIO, JR | LEOPOLDO R. DATO JR |
| Dokumentasyon | BELEN B. PILI | NOEL L. DESQUITADO |
| Plake at Sertipiko *(Pagdalo, Paglahok, Pagpapahalaga at Pagkilala)* | ALFIE T. GASCON | RECHIE O. SALCEDO |
| Token | HELEN Z. CORNELIO | REY A. TABARANGAO<br>TEODORO R. NACARIO, JR |

*Kalakip Blg. 1 sa Memorandum Pansangay Blg. 070 s. 2026*

## GAWAD PARANGAL SA PINAKAMATAGUMAPAY NA TAGAPAGSAKATUPARAN NG PROGRAMANG IRIGA PLUS

*(Intensive Remedial Instruction for Greater Achievement in Literacy and Numeracy)*

### A. PATNUBAY SA PAGLAHOK

1. Lahat ng klase sa Baitang 3 sa bawat paaralan ay kabilang sa patimpalak na ito bilang pakikiisa sa implementasyon ng Bawat Batang Bikolano Bumabasa at IRIGA Plus Program.

2. Lahat ng pruweba ay kailangang naihanda at kakikitaan ng pagsasakatuparan simula sa implementasyon ng Integrated learning Curriculum hanggang sa Panapos na Pagsusulit nito sa EoSY Marso 2026.

3. Ang lahat ng pruwebang hinihingi ay malinaw na nakasaad sa bawat krayterya na isusumite sa 2 kopya na may tabbing sa **6 Abril 2026.**

4. Pagkakalooban ng bagong telebisyon ang paaralang tatanghaling **KAMPEON** o **Pinakamahusay na Tagapagsakatuparan ng IRIGA Plus Program at pabuyang salapi** sa buong baitang na may **zero non-reader at zero non-numerate.**

### B. PAMANTAYAN SA PAGPILI AT PAGMARKA

a) Paaralang Lahat Bumabasa (Zero-Non Reader School) at
b) Paaralang Lahat Bumibilang (Zero Non-Numerate) -***Baitang 3 lamang***

1. Lahat nakababasa batay sa balidasyon.
2. Kailangang walang drop-out sa bawat klase ng Baitang 3.
3. Walang liban sa araw ng balidasyon.
4. May ID ang lahat ng mag-aaral sa Baitang 3 sa araw ng balidasyon.

c) Pinakamahusay na Tagapagsakatuparan ng IRIGA Plus Program *(tingnan ang kalakip 2)*

### C. BALIDASYON AT EBALWASYON

1. Pangungunahan ng mga Superbisor sa Programang Edukasyon at Nanunuparang Tagamasid Pampurok ang balidasyon maging ang pagsusuri ng bawat portfolio.
2. Malalaman ang pinal na resulta, pagkaraan ng balidasyon gamit ang parallel na reading tools.